Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG PEBRERO, 2003, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | | |
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamalmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Punta P. Sarmiento | .......... | Kagawad |
| DI-DUMALO: | | |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 048-T'03

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY SAN PABLO NORTE NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAMNARAAN TATLUMPU'T APAT NA LIBO PITONGDAAN LABING ANIM NA PISO AT TATLUMPUNG SENTIMOS (P934,716.30)*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 01-T'03 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'03 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2003 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan lakip ang mga kapunahan at rekomendasyong nais ipahatid sa nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng San Pablo Norte.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay San Pablo Norte ng bayang ito na nagkakahalaga ng P934,716.30.

*INIUUTOS*, Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

49